



NANCY BARGMANN
DIREKTOR

Estado ng California—Ahensya ng mga Serbisyong
Pangkalusugan at Pantao

Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad

1215 O Street, Sacramento, CA 95814

www.dds.ca.gov



GAVIN NEWSOM
GOBERNADOR

Setyembre 29, 2023

PARA SA: MGA EXECUTIVE DIRECTOR NG REGIONAL CENTER

PAKSA: PROGRAMANG SELF-DETERMINATION: MGA PAGBABAYAD NG MGA
SERBISYO NG PAMAMAHALA SA PANANALAPI (FINANCIAL
MANAGEMENT SERVICES)

Ang [patnubay](#) ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Kagawaran) noong Enero 20, 2023 ay nag-aatas sa mga regional center hanggang Setyembre 30, 2023, na bayaran ang mga tagapagkaloob ng Mga Serbisyo ng Pamamahala sa Pananalapi (Financial Management Services, FMS) kada linggo kabilang ang mga serbisyong ipinagkakaloob sa kasalukuyang buwan. Pinapahaba ng patnubay na ito ang kinakailangang ito hanggang Disyembre 31, 2024.

Iniaatas din sa [patnubay](#) noong Enero 20, 2023 ang mga regional center na abisuhan ang mga tagapagkaloob ng FMS sa loob ng tatlong araw ng negosyo tungkol sa pagsasapinal ng team sa pagpapalano ng anumang pagbabago sa plano ng paggasta ng kalahok. Mananatiling may bisa ang iniaatas na ito.

Kung ang mga kalahok at/o kanilang mga pamilya ay may mga tanong tungkol sa direktibang ito, kailangan nilang makipag-ugnayan sa kanilang regional center. Ang mga tanong mula sa mga regional center ay dapat idirekta sa sdp@dds.ca.gov.

Taos-puso,

Pinirmahan ang Orihinal na Kopya ni:

NANCY BARGMANN
Direktor

cc: Mga Administrador ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Konsumidor ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Regional Center
Asosasyon ng mga Ahensya ng Regional Center
Konseho ng Estado sa mga Kapansanan sa Pag-unlad
Brian Winfield, Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pag-unlad
Carla Castañeda, Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pag-unlad
Vicki Smith, Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pag-unlad
Ernie Cruz, Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pag-unlad
Jim Knight, Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pag-unlad
Suzy Requarth, Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pag-unlad
Kathleen Dempsey, Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pag-unlad